


Kahandaan sa LINDOL at TSUNAMI

- Siguraduhing matibay ang bahay at ligtas ang pagkakakabit ng mga nakabitin at mabibigat na kasangkapan.
- Huwag magpatong ng mga babasaging bagay sa ibabaw ng cabinet.
- Alamin ang mg emergency exit at ang pinakamadaling daan patungo dito.
- Kapag lumilindol, gawin ang DUCK, COVER and HOLD TECHNIQUE: yumuko, magtago sa ilalim ng matibay na mesa, at humawak sa mga paa nito.




- Umiwas sa mga bagay na madaling mabasag, mabibigat at maaaring bumagsak.
- Tulungan sa paglikas ang mga bata, matatanda, may kapansanan at ang mga buntis.
- Kapag nasa labas, lumayo sa mga poste, pader at mga gusali. Huwag tumawid ng tulay, overpass at flyover.
- Kapag nagmamaneho, igilid at ihinto muna ang sasakyan.
- Kung nakatira malapit sa dagat, mabilis na lumikas dala ang emergency kit kung mayroong panganib ng tsunami.
- Pagkatapos ng lindol, lumabas mula sa bahay o gusali at magpunta sa isang open area.
- Huwag muna bumalik sa bahay o gusali dahil sa panganib ng aftershock.
- Kapag ligtas ng bumalik sa bahay, suriing mabuti ang linya ng tubig at kuryente. Kung may nakitang sira, isara ito mula sa main switch at ipaalam sa kinauukulan.

Kahandaan sa BAGYO at BAHA

- Mag-imbak ng ready-to-eat na pagkain gaya ng tinapay, biskwit at delata. Mag-apon din ng maiinom na tubig na maaaring tumagal hanggang tatlong araw.
- Tiyaking may sapat na kasuotan at ihanda ang emergency survival kit.
- Pagsama-samahin ang mga importanteng dokumento at ilagay sa lalagyang hindi kayang pasukin ng tubig. Magtabi ng sapat na pera.
- Siguraduhing puno ang baterya ng cellphone at ihanda ang mga flashlight, radyong de baterya at pito.
- Ilikas ang mga alagang hayop sa ligtas na lugar at anihin na ang mga gulay at prutas na maaari nang anihin.
- Huwag nang pumalaot upang mangisda o maglakbay dahil sa panganib ng storm surge.
- Makinig sa radio at makibalita upang malaman ang kalagayan ng panahon.
- Lumikas dala ang emergency survival kit kung pinayuhan ng kinauukulan. Bago ito gawin, isara ang mga bintana, ikandado ang mga aparador, pintuan at gate, at patayin ang main switch ng kuryente.
- Siguraduhing nakalagay sa mataas na lugar ang mga mahahalagang bagay tulad ng appliances para hindi ito abutin ng baha.
- Huwag tumawid ng ilog lalo na kung ito'y lagpas-tuhod na. Mag-ingat din sa mga ligaw na hayop tulad ng ahas na maaaring inanod ng tubig baha.
- Kapag lumipas na ang bagyo, suriin ang bahay para malaman kung may nasira rito.
- Ipaalam sa kinauukulan kung may mga nasiriang kable o poste ng kuryente.
- Tiyaking walang outlet o kable ng kuryente na nakababad sa tubig bago buksan ang mai switch ng kuryente.
- Itapon ang mga naimbak na tubig-ulan mula sa mga paso, lata at gulong upang hindi ito pamahayan ng lamok.

Kahandaan sa SUNOG

- Ipasuri ang mga linya ng kuryente upang matiyak na ito ay ligtas.
- Maghanda ng fire extinguisher sa bahay at alamin ang paggamit nito.
- Itagong mabuti ang mga posporo, lighter, at anumang kemikal na maaaring pagmulan ng sunog. Ilagay ang mga ito sa lugar na hindi maabot ng bata at malayo sa kalan.
- Panatiliing malinis ang kalan at huwag maglagay ng mga gamit sa ibabaw nito. Tiyaking walang leak ang LPG.
- Huwag iiwanan ang niluluto.
- Tanggalin sa saksakan ang mga appliances pagkatapos gamitin.
- Iwasan ang pag-overload ng mga saksakan at huwag gumamit ng sirang kurdon.
- Ilayo ang kandila sa mga bagay na madaling masunog.



- Kung nagkaroon ng sunog, lumabas agad ng bahay kasama ang pamilya.
- Kung ang usok ay makapal na, gumapang palabas ng silid upang iwasang makalanghap ng usok.
- Kapag nadapuan ng apoy, gawin ang STOP, DROP and ROLL. Tumigil sa pagtakbo, dumapa sa sahig, takpan ang mukha, at magpagulong-gulong.
- Magpagamot kaagad kung nagtamo ng sugat, paso o nakalanghap ng maraming usok.
- Pagkatapos ng sunog, huwag bumalik sa loob ng bahay hannga't walang abiso ng bumbero.

Kahandaan sa LANDSLIDE

- Huwag magtayo ng bahay sa mga lugar na matatarik, malapit sa paanan ng bundok, may malambot na lupa, at dati ng nagkaroon ng mga pagguho.
- Sa oras ng malakas na pag-ulan o bagyo, maging alerto at obserbahan ang inyong kapaligiran sa mga sinyales ng landslide: pagbitak ng lupa, pagtabingi ng mga puno o poste, pagkukulay ng putik ng ilog at mga bitak sa dingding, sahig o kalsada.
- Kung nakatira malapit sa estero o ilog, maging alerto sa posibilidad ng biglaang pagtaas ng tubig. Ang biglang pagbaba mula sa normal na level ng tubig ay maaaring sinyales ng pagbara sa may itaas na bahagi ng ilog dahil sa landslide at posibleng pagkakaroon ng flashflood o debris flow.
- Lumisan kung kinakailangan at gawin ito sa lalong madaling panahon dala-dala ang inyong emergency survival kit.
- Pagkatapos ng landslide, hintayin ang abiso ng mga lokal na opisyal na ligtas nang bumalik sa inyong lugar.

Kahandaan sa PAGPUTOK ng BULKAN

- Bago pa man magkaroon ng aktibidad ang bulkan, alamin ang sistema ng pagbibigay babala at emergency plans sa inyong komunidad lalo na ang ligtas na daan kapag kailangang lumikas.
- Kung may pagbabadya ng pagputok ng bulkan, making sa mga ulat at payo ng mga kinauukulan.
- Kapag pumutok na ang bulkan, gawing mahinahon ang paglikas dala ang emergency kit at facemask.
- Tiyaking nakasara ang mga pinto at bintana ng bahay.
- Takpan ang ilong at bibig ng dust mask o basang panyo.
- Iwasang dumaan sa mg ailog o sapa dahil maaaring daluyan ito ng lahar.
- Kapag huminto na ang pagsabog, hintayin ang anunsyo ng awtoridad na ligtas ng bumalik sa mga tahanan.